ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVII Blg. 23
Disyembre 7, 2016
www.cpp.ph

## Lumalalang paglabag sa mga karapatang-tao

PATULOY ANG PAGLALA ng mga paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng rehimeng Duterte. Dapat panindigan at ibayong ipagtanggol ng lahat ng demokratikong pwersa ang mga karapatang sibil at pampulitika at ipaglaban ang katarungan para sa libu-libong biktima ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang, pati na ng mga abusong militar sa kanayunan at ng nagpapatuloy na pampulitikang panunupil at pagtugis.

Sa kabila ng hayag na pagsuporta sa usapang pangkapayapaan at sa CARHRIHL, ipinag-utos ni Duterte sa AFP na ipagpatuloy nang walang habas ang digmang mapanupil nito. Sa nagdaang anim na buwan, sinakop at kinontrol ng mga yunit pangkombat ng AFP ang mga baryong pinaghihinalaang base ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Ilandaang libong mamamayan ang pinagdurusa sa iba't ibang anyo at tindi ng panliligalig ng militar. Pinahihirapan ang masang magsasaka sa mga *curfew*, panghihigpit, interogasyon, pagbabanta, pananakot at iba pang pang-aabuso. Para sa kanila, wala halos pinag-iba ang rehimeng Duterte sa nagdaang mga rehimen sa usapin ng mga abusong militar.

Patuloy na isinasailalim ang mga aktibista sa paniniktik at pananakot. Halos 20 ang inaresto at sinampahan ng gawa-gawang mga kaso. Hindi pa naiwawasto ni Duterte ang ginawang inhustisya ng

*sundan sa pahina 3*




**EDITORYAL**

# Mga kundisyon para mapalawig ang tigil-putukan

Sa diwa ng negosasyong pangkapayapaan at pagpapalawig ng deklarasyon ng unilateral na tigil-putukan, iginigiit ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at ng mamamayang Pilipino na dapat wakasan o isuspinde ni Presidente Duterte ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) ang Oplan Bayanihan at mga operasyong panunupil laban sa bayan at kanilang rebolusyonaryong kilusan.

Dapat niyang ipag-utos sa Armed Forces of the Philippines (AFP) na iatras ang mga armadong kombatant nito mula sa mga sonang gerilya at lugar na nasa ilalim ng kontrol ng rebolusyonaryong gubyerno. Dapat niya itong gawin kasabay ang pagtupad sa pangakong maramihang pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal sa pamamagitan ng isang deklarasyong amnestiya.

Kung gagawin niya ito hanggang sa Enero, makukuha ni Duterte ang garantiya na palalawigin ng PKP ang unilateral na deklarasyon nito ng tigil-putukan. Gayundin, mahihikayat niya ang mga rebolusyonaryong pwersa na makipagkasundo sa isang bilateral na tigil-putukan upang itulak ang pinabilis na mga negosasyon para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

Dapat iwaksi ni Duterte ang ilusyong nagsosolong kapangyarihan ang GRP sa buong Pilipinas. Sa katunayan, sa makabuluhang mga bahagi ng bansa, umiiral ang dalawang gubyernong nasa gitna ng digmaan: ang GRP at ang demokratikong gubyernong bayan na kinakatawan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Sa patuloy na abanteng pag-

deploy ng kanyang mga abusadong tropa at pag-okupa ng mga komunidad ng magsasaka, itinutulak niya ang digmaang sibil at ipinakikitang wala siyang pinag-iba sa utak-pulburang mga rehimeng Aquino at Arroyo na kapwa hindi naging interesado sa mapayapang resolusyon ng armadong tunggalian.

Pinupuri ng PKP ang lahat ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa pagtalima sa unilateral na deklarasyon ng *ceasefire* ng PKP. Natagalan at natiis nila ang nagpapatuloy na mga armadong operasyon ng Oplan Bayanihan ng AFP sa loob at palibot ng mga sonang gerilya.

Kinukundena ng PKP ang AFP sa pagmamatigas nitong ipagpatuloy ang paglulunsad ng mga pandigmang aksyon laban sa masang magsasaka sa mga sonang gerilya at rebolusyonaryong base. Sa nagdaang tatlong buwan, halos wala itong ipinatupad na tigil-putukan.

Nagtagal ang magkatugong deklarasyon ng tigil-putukan ng GRP at NDFP dahil lamang pinili ng BHB na magsagawa ng mga maniobra upang umiwas sa mga armadong labanan sa AFP gayundin sa mga tropang pangkombat ng Philippine National Police (PNP).




Taliwas sa diwa ng magkatugong deklarasyon ng tigil-putukan, inatasan ng pamunuan ng AFP ang mga tropa nito na ipagpatuloy ang mga operasyong *counterinsurgency* ng Oplan Bayanihan. Kapag kinukumpronta ng mamamayan, sinasabi pa ng mga nag-ooperasyong sundalo na "ang NPA lang ang may *ceasefire.*"

Lubhang nadidismaya ang PKP sa kabiguan ni Duterte na rendahan ang AFP. Lumalabas na hungkag ang utos niya bilang hepe mayor ng AFP noong Agosto na "maging mapagkaibigan sa rebolusyonaryong gubyerno" ng PKP-BHB, dahil wala naman ni isang erya kumand ng AFP ang gumalang o nagpatupad nito. Taliwas dito, nagpapatuloy ang sukdulang pagkapoot ng AFP sa PKP-BHB.

Sa buong panahon ng unilateral na tigil-putukan, ipinakat ng AFP ang mga armadong yunit nito at nagtatag ng armadong presensya sa gitna ng mga sibilyang komunidad na labag sa CARHRIHL at internasyunal na mga protokol na nagbibigay-proteksyon sa kapakanan ng mga sibilyan sa panahon ng digmaan.

Pinawawalang-saysay ng mga nagpapatuloy na operasyong counterinsurgency ng Oplan Bayanihan ang magkatugong unilateral na deklarasyong tigil-putukan. Sa pagdeploy ng mga armadong yunit sa pusod ng mga sonang gerilya ng BHB, nais ng pamunuan ng AFP na makasagupa ang BHB upang matapos na ang tigil-putukan. Alam na alam nilang may hangganan ang pag-iwas at pagkontra-maniobra ng BHB.

Ang abanteng pagkakadeploy sa mga tropa ng AFP ay paghahanda para sa opensiba. Ang gayong mga operasyon ay desperadong mga tangka na sirain ang malawak at malalim na suportang tinatamasa ng BHB sa hanay ng masang magsasaka.

Kung magmamatigas si Duterte sa pagdeploy ng AFP sa mga sonang gerilya at pagsakop sa mga komunidad, sa aktwal ay inihahanda niya ang kalagayan para sa malaganap na armadong sagupaan laban sa BHB. Sa gayon, inoobliga niya ang mga Pulang mandirigma na magsagawa ng aktibong depensa at ipagtanggol ang mamamayan. Siya lamang ang sisisihin kung mapupwersa ang PKP na tapusin na ang unilateral na deklarasyon ng tigil-putukan. AB

ANG Bayan

Tomo XLVII Blg. 23 | Disyembre 7, 2016

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwc.info

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

fb.com/PhilippineRevolutionaryWebCentral

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Mga kundisyon para mapalawig ang tigil-putukan 1

Lumalalang paglabag sa karapatang-tao 1

Mga operasyong militar sa panahon ng *ceasefire* 4

Bilanggong pulitikal, namatay sa kulungan 5

*Black Friday Protest*` 6

Mga kabataan sa armadong kilusan 7

Anibersaryo ng KM 8

Araw ni Bonifacio, ginunita 9

Lakbayan-Visayas, inilunsad 9

US *evxercises*, tuloy 9

Programa sa ekonomya ng Rebolusyong Oktubre 10

Pulang saludo kay Fidel Castro 11

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Lumalalang paglabag...," mula pahina 1

nagdaang mga rehimen laban sa mahigit 400 bilanggong pulitikal na patuloy na nagdurusa sa kulungan. Noong Oktubre, dalawang magkasunod na araw na marahas na binuwag ng militar at pulis ang mga kilos-protesta ng mga pambansang minorya at kanilang mga tagasuporta.

Hindi bababa sa 16 ang kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang laban sa mga aktibista, kabilang ang mga magsasakang nakikibaka para sa reporma sa lupa. Sa Compostela Valley, pinaslang noong Oktubre 13 si Joselito Pasaporte, aktibistang maka-kalikasan at anti-mina. Upang maliitin ang kaso, pinalabas ng pulis na si Pasaporte ay "sangkot sa droga."

Mas dumadalas ang paggamit ng AFP sa taktika ng pag-ugnay ng mga kaso ng pampulitikang panunupil sa "gera kontra droga." Sa Kalinga, inaresto ang 73-taong gulang na retiradong Pulang mandirigma na si Marcos Aggalao at pinalabas na may hawak na iligal na droga. Noong Oktubre 4, apat na aktibistang magsasaka sa San Jose del Monte, Bulacan ang inaresto at kinasuhan ng pagdadala ng iligal na droga. Upang bigyang-matwid ang mapandigmang operasyon sa kabila ng tigil-putukan, pinalalabas na bahagi ng "gera kontra droga" ang mga operasyong Oplan Bayanihan.

## Malalang pag-abuso sa ngalan ng kontra-droga

Malalang nilalapastangan ang karapatang-tao sa ilalim ng tinaguriang gera kontra droga ng rehimeng Duterte. Wala pang anim na buwan, halos 5,000 na ang pinatay. Kalahati rito ang pinatay ng mga operatibang pulis sa diumano'y mga operasyong pag-aresto na kadalasa'y nagaganap sa mga maralitang komunidad sa kalunsuran.

Pare-pareho ang gawa-gawang kwento tungkol sa mga operasyong ito na halos de-padron na ang pagbabalita tungkol sa mga biktimang "nanlaban" at may hawak na .38 kalibreng pistola at ilang gramo ng shabu. Duda na ang publiko sa ganoong mga ulat ng pulis, laluna't iyon din ang ginamit na kwento sa tampok na kaso ni Mayor Rolando Espinosa na pinatay ng mga pulis matapos "manlaban" habang nasa loob ng kulungan sa Leyte.

Nariyan din ang araw-araw na kaso ng pagpatay sa diumano'y maliliit na gumagamit at nagbebenta ng droga at iba pang maliit na kriminal. Mistulang may isang pambansang network ng mga *death squad* na nagpaparamihan ng pinatay at nag-aagawan ng atensyon sa midya sa mas malulupit na paraan ng pagpatay at sa mga pang-ulol na mensaheng nakasulat sa karton na iniiwan sa bangkay. Pinalalabas na kriminal ang mga biktima upang maliitin o bigyang-matwid pa nga ang krimen.

Ang walang-habas na patayan sa droga ay iniluwal ng lubos na paghamak ni Duterte sa karapatang-tao. Harapan niyang hinihikayat ang mga upisyal ng pulis na walang habas na isagawa ang ala-gangster na pagpatay sa mga pinaghihinalaang kriminal. Tinitiyak niya ang suporta sa mga pulis at nagawa pang ibalik sa pwesto ang pulis sa likod ng pagpatay kay Espinosa na inalis sa pwesto matapos idinawit sa iligal na droga.

Hinihikayat niya ang labis na pagkamuhi sa mga gumagamit ng droga na hinusgahan niyang latak ng lipunan at hayagang hinihikayat ang pagpatay sa kanila. Nagbubulag-bulagan siya sa malalim na ugat panlipunan at pang-ekonomya—disempleyo, mababang sahod, kahirapan at gutom—sa likod ng problema ng malawakang pagkagumon sa droga at iginigiit ang malawakang pagpatay.

Inangkin niya ang kapangyarihang hudisyal sa paglalabas ng "narco-list" o talaan ng diumano'y malalaking *drug lord* at protektor. Binaligtad na niya ang unibersal na prinsipyo ng sistemang pangkatarungan: siya ang nag-aakusa, pero sa halip na patunayan ang kanyang akusasyon, ang akusado ang pinagpapatunay na wala siyang sala. Mistulang sentensyang kamatayan ang *drug-tagging* ni Duterte na siya lamang ang pwedeng mag-alis.

Kinasangkapan niya ang kapangyarihang ito para maghasik ng takot at pasunurin at gawing tapat ang mga upisyal ng pulis at militar, pati na ang mga pulitikong lokal at sa kongreso; at upang tugisin at gawing inutil ang kanyang mga karibal. Ang gera kontra-droga ni Duterte ay karagdagang sandata ngayon sa paksyunal na ribalan sa hanay ng mga naghaharing uri.

## Igiit ang katarungan at ipagtanggol ang karapatang-tao

Sa harap ng nagpapatuloy na pag-abuso sa karapatang-tao sa ilalim ng gubyernong Duterte, dapat magkaisa ang mamamayang Pilipino at ipaglaban ang katarungan para sa lahat ng biktima ng pang-aabusong militar at pulis.

Dapat tuligsain ng sambayanang Pilipino ang lubos na paglapastangan ni Duterte sa karapatang-tao. Dapat batikusin nila ang banta niyang isasama ang mga tagapagtanggol ng karapatang-tao sa mga target ng mga anti-drogang pagpatay.


Dapat tutulan ang kanyang paggamit sa pulis at militar sa walang-habas na pagyurak sa mga karapatang-tao. Dapat kastiguhin ang anumang plano niyang suspendihin ang *writ of habeas corpus* at ibalik ang batas militar.

Dapat magkaisa ang sambayanang Pilipino sa sigaw na wakasan ang gerang panunupil. Dapat nilang igiit ang agarang pag-aalis ng mga tropang pangkombat ng AFP sa kanilang mga komunidad. Dapat nilang itulak ang pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal.

Dapat mag-ingay ang mga kaibigan at mahal sa buhay ng mga biktima ng ekstrahudisyal na pagpatay, kabilang yaong mga pinatay sa gera kontra-droga, at igiit ang katarungan at kabayaran mula sa rehimeng Duterte. AB

# Mga operasyong militar sa panahon ng *ceasefire*

Ang mga operasyon ng AFP at PNP ang numero unong nagdudulot ng takot at ligalig sa kanayunan. Taliwas ito sa sinasabi ni Duterte na "hindi pwedeng umatras" ang AFP sa kanayunan dahil wala nang "magtitiyak sa kapayapaan at kaayusan." Ang mga operasyong pagsakop sa mga baryo ay sumasaklaw sa buong bansa.




**datos mula sa panimulang mga ulat*

Sa panimulang mga ulat mula sa mga kumand ng BHB, naglunsad ng mga operasyon ang AFP at PNP sa hindi bababa sa 495 barangay sa loob ng mahigit 144 bayan at 48 prubinsya mula Agosto 21 hanggang sa unang linggo ng Disyembre.

Mapanlinlang na inilalarawan ng AFP ang kanilang mga operasyong kombat at saywar bilang “peace and development”, "civil-military operations", "medical mission", "visitation", "community outreach", "anti-drug campaign" at iba pa.

Sa isang *press conference* ni Jaime Padilla (Ka Diego), tagapagsalita ng BHB-Southern Tagalog (Melitor Glor Command) noong Nobyembre 24 sa Sierra Madre, ibinahagi niya na umaabot sa 70 baryo sa rehiyon ang nakapailalim sa mga abusadong operasyon ng Oplan Bayanihan.

Matingkad na halimbawa ang panghahalihaw ng 76th IB noong Agosto 29 sa mga barangay ng Harrison at Aglipaoy sa Paluan, Occidental Mindoro. Sa mga baryong ito, na may populasyong mahigit 4,800, sapilitang nagrekrut ng CAFGU ang mga sundalo. Ayon sa militar, dapat umanong may mag-CAFGU, kung hindi ay ituturing ang buong lugar na tagasuporta ng BHB. Huhulihin diumano nila ang lahat kapag may maganap na engkwentro sa lugar.

Sa rehiyon ng Ilocos-Cordillera, hindi bababa sa 64 barangay at 17 bayan ang niliigalig ng mga PDT ng limang batalyon ng AFP, liban pa sa mga pangkombat na yunit ng PNP. Sa hangganan ng Ifugao at Nueva Vizcaya, bago pa man pinakatan ng PDT ang mga baryo, sinuyod muna ng 18-kolum na operasyong kombat ng mga pwersa ng 5th ID ang baseng masa ng BHB.

Noong Setyembre 11, iligal na dinakip ng mga elemento ng 50th IB at PNP-SAF ang isang 73-taong gulang na retiradong BHB at tinamnan ng iligal na droga. Gayundin, apat na sibilyan na mangangaso ang dinakip ng 24th IB at PNP at kinumpiskahan ng kanilang mga sandata sa pangangaso. Inakusahan silang mga kasapi ng BHB.

Pareho rito ang kalagayan ng mamamayan sa Eastern Visayas (EV). Sa pahayag si Fr. Santiago Salas (Ka Sanny) ng NDF-EV, dulot ng mga operasyong militar ng PDT, walang mapagpipilian ang BHB sa rehiyon kundi aktibong idepensa ang mamamayan at ang sariling hanay. Anu't anuman, aniya, maaaring magpatuloy ang usapang pangkapayapaan kahit walang bilateral na tigil-putukan.

Sa Panay, umaabot sa 40 barangay sa 14 bayan ang inaatake ng mga PDT at mga operasyong kombat ng AFP-PNP. Ayon kay Ka Julian Paisano ng BHB-Panay, liban sa mga panggigipit sa mga taumbaryo, pasimuno rin ang mga sundalo ng mga anti-sosyal na aktibidad tulad ng sugal, pagbebenta at paggamit ng iligal na droga, pornograpiya, pagsasamantala sa kababaihan at iba pa.

Sa North Central Mindanao Region (NCMR), umaabot sa 78 baryo ang malayang hinahalihaw ng militar dulot pangunahin sa pag-iwas ng mga Pulang mandirigma sa mga engkwentro. Ayon kay Ka Allan Juanito ng BHB-NCMR, hinihingi ng mamamayan sa rehiyon na matigil na ang *ceasefire* dahil patuloy lamang silang niliigalig ng mga operasyon ng AFP.

Ayon naman ni Ka Ariel Montero ng BHB-Northeastern Mindanao Region, umaabot sa 70 barangay sa rehiyon ang may presensya ng sundalo.

Sa Far South Mindanao, hindi bababa sa 25 barangay ang kinokontrol ngayon ng iba't ibang yunit ng militar. Hindi kailanman nabawasan o umatras mula sa mga komunidad ang mga nag-ooperasyong PDT. Mas naging lantaran at walang pakundangan pa nga ang kanilang mga operasyon dulot ng unilateral na *ceasefire* ng BHB. AB

# Bilanggong pulitikal, namatay sa kulungan

Lalong nagiging kagyat ang panawagan para sa pangkalahatang amnestiya matapos mamatay sa bilangguan ang isa na namang detenidong pulitikal noong Nobyembre 28. Si Bernabe Ocasla, 66, ay namatay apat na araw mula nang dalhin siya sa Jose Reyes Memorial Medical Center dahil sa ikatlong atake sa puso. Ika-13 siyang bilanggong pulitikal na namatay sa nakaraang limang taon.

Ayon kay Fidel Agcaoili, pinuno ng *negotiating panel* ng NDFP, madiin nitong inuulit ang panawagan para sa kagyat na pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal. "Ang pagpapahintulot na patuloy silang magdusa—at mamatay—habang hindi makatarungang nakabilanggo, ay kasuklam-suklam at hindi papayagan ng NDFP." Sinabi rin niyang ang pagpapalaya ay hindi lamang usapin ng pagmamabuting-loob o hustisya kundi pagtupad sa dati nang pinagkaisahang Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) na pinirmahan noon pang 1998.

Inilinaw din ni NDFP political consultant Rey Casambre na hindi lamang kundisyon para sa bilateral na tigil-putukan ang pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal. "Ang pagpapalaya ay hindi lamang usapin ng hustisya, usapin ito ng buhay at kamatayan," aniya.

Dati nang karamdaman ni Ocasla ang alta-presyon na pinalala pa ng halos isang dekadang pagkakakulong sa di-makataong mga kalagayan. Dating isang aktibistang magsasaka, inaresto siya sa kanyang bahay sa Catbalogan City, Samar noong Oktubre 31, 2007 at isinangkot sa gawa-gawang kaso ng pagpatay noong 1985 sa Hilongos, Leyte. Inilipat siya sa Manila City Jail noong 2014 kung saan lalong lumala ang kanyang karamdaman. Hanggang kamatayan, hindi pa natatapos bistahin ang kanyang kaso.

Isa siya sa may edad at sakiting bilanggo na inilista ng NDFP para sa kagyat na pagpapalaya sa batayang makatao. Sa mahigit 400 bilanggong pulitikal, 130 ay sakitin, 33 ay matatanda, at 33 ay kababaihan. Apat na konsultant ng NDFP ay nakakulong pa rin. Tatlo sa kanila, sina Eduardo Sarmiento, Emeterio Antalan at Leopoldo Caloza, ay sintensyado na.

Nangako si Presidente Rodrigo Duterte ng general amnesty para sa mahigit 400 bilanggong pulitikal noon pang Mayo. Ngunit ayon kay Fidel Agcaoili ng NDFP, isa ito sa mga pangakong nabigo. Mula noon ay binawasan na ng *peace panel* ng GRP ang listahan hanggang maging 70 lamang, "nang walang paliwanag kung paano nakuha ang bilang na ito, at walang katiyakan na ang may pinakamalalang karamdaman sa kanila, tulad ni Ocasla, ay magiging bahagi ng kakaunting suswertehin."

"Ang planong pagpapalaya ng 40-50 lamang sa mga bilanggong pulitikal ay hindi katanggap-tanggap na pampalubag-loob," anang PKP. "Malala pa, pinadadaan sila sa isang napakamasalimuot na prosesong ligal na nagdaragdag ng pahirap matapos silang iharap sa gawa-gawang mga kaso, na hindi mapapyansahan." Sinuportahan ito ni Cleo del Mundo ng BHB-Quezon (Apolonio Mendoza Command). Naglabas sila ng listahan ng mga bilanggong pulitikal sa kanilang saklaw na lugar.

Ayon kay Ka Diego, tagapagsalita ng BHB-Southern Tagalog (Melito Glor Command), "Hangga't ganito ang pakikitungo ni Duterte sa mga kahilingan ng NDFP, nanganganib ang pagpapatuloy ng peace talks at ceasefire." Dati nang inilinaw ng NDFP na hindi ito papasok sa isang bilateral na tigil-putukan kung hindi maipatutupad ng GRP ang nasabing kasunduan.

Samantala, naglunsad ng iba't ibang kilos protesta ang mga kamag-anak ni Ocasla at mga aktibistang tagapagsulong ng karapatang-tao upang humingi ng hustisya sa pagkamatay niya at ipanawagan ang kagyat na pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal. Noong Disyembre 3, nagtipon ang mga demonstrador mula sa Karapatan-ST, Selda-TK at iba pang grupo sa tarangkahan ng National Bilibid Prison sa Muntinlupa City para sa Pandaigdigang Araw ng Pakikiisa sa mga Bilanggong Pulitikal. Pinagbawalan sila ng Bureau of Corrections na gumamit ng *loudspeaker*.

Ang mga bilanggong pulitikal sa iba't ibang kulungan sa buong bansa ay nagsimula nang maglunsad ng *hunger strike* noong Lunes na magtatapos sa Disyembre 10, upang patampukin ang panawagan para sa kanilang paglaya. Mag-aayuno sila hanggang Disyembre 7, at pagkatapos ay hindi na kakain hanggang Disyembre 10. Sinasabayan sila ng kanilang mga pamilya at mga aktibista sa karapatang-tao sa itinayong "peace tent" sa tulay ng Mendiola, kung saan maglulunsad sila ng vigil at pag-aayuno hanggang Disyembre 10. May mga *strike center* din sa iba't ibang bahagi ng bayan. Kasabay nilang naglunsad ng *sympathy fast* at *hunger strike* ang 15 konsultant at istap ng NDFP na naghahalinhinang sumasabay sa mga bilanggong pulitikal sa mga kulungan sa iba't ibang bahagi ng bayan.

Upang pahupain ang galit ng mga nagpuprotesta, ipinangako ni Silvestre Bello, pinuno ng panel ng GRP, na palalayain na sina Martin Villanueva mula sa Bilibid, Bonifacio Suyon at Dindo Absalon mula sa Leyte Regional Prison, at Rico Bodina mula sa Iwahig. Dati na silang inirekomendang palayain ngunit hindi inaksyunan ng naunang mga rehimen. Sinabi rin ni Bello na palalayain na agad ang 21 bilanggong sakitin, tatlong matatanda at isang babae, ngunit hindi niya binanggit ang mga pangalan. AB

Laban sa pambayaning libing ni Marcos

# *Black Friday Protest,* nilahukan ng libu-libong kabataan

Mahigit 15,000 ang humugos sa Luneta Park noong Nobyembre 25 upang iprotesta ang libing sa dating diktador na si Ferdinand Marcos sa Libingan ng mga Bayani at rehabilitasyon ng pamilya nito sa pulitika.

Inorganisa ng Campaign Against the Return of Marcoses to Malacañang (CARMMA) ang tinaguriang Black Friday Protest na nilahukan ng kalakha'y mga kabataan at estudyante mula sa iba't ibang paaralan, kolehiyo at unibersidad sa Metro Manila at karatig-prubinsya. Lumahok din ang mga aktibista at biktima ng Batas Militar, mga kilalang personalidad, mga guro at pangasiwaan ng ilan sa mga paaralan, gayundin ang iba't ibang progresibong organisasyon.

Ayon kay Bonifacio Ilagan, isa sa mga myembro ng CARMMA, ang paglilibing sa dating diktador sa LNMB ay pagpapanumbalik ng ideolohiyang "Marcosian", o ang paniniwalang kinakailangan ng bansa ang paghahari ng isang diktador na hindi kinukuwestiyon at walang-sala. Tinuligsa niya rin ang pagbabanta ni Pres. Rodrigo Duterte ng pagsuspinde sa *writ of habeas corpus* at pagdedeklara ng Batas Militar.

Pinuri ng mga organisador at ng mga aktibista noong panahon ng Batas Militar ang malaking partisipasyon ng mga kabataan. Tumampok sa protesta ang iba't ibang malikhaing plakard at poster na sariling-likha ng mga dumalo, at pawang tumutuligsa sa dating diktador. Umakyat sa entablado ang mga lider-kabataan at simbolikong ipinasa sa kanila ang sulo ng pakikibaka. Kasabay nito, nagsilbing libong sulo ang mga *cellphone* at *tablet* na sabay-sabay pina-ilaw ng mga raliyista.

Sa isang pahayag, kinundena ng Anakbayan ang rehimeng Duterte sa pagpapatuloy nito ng "Marcosian" na Oplan Bayanihan na nagmimilitarisa sa mga komunidad, sistematikong pumapaslang ng mga aktibista, at lumalabag sa mga karapatang tao. Bago nagmartsa patungong Luneta Park, nagtipon muna ang mga kasapi ng organisasyon sa Mendiola. Pinangunahan naman ng League of Filipino Students ang pag-*walk out* mula sa kanilang mga klase upang lumahok sa protesta.

Lumahok din sa protesta ang ACT Teachers Party-List at kinundena ang libing ni Marcos at lansakang pagrebisa sa kasaysayan. Diin ni Antonio Tinio ng ACT Teachers, sa katunayan, hinusgahan na ng kasaysayan si Marcos bilang isang mandarambong, mamamatay-tao, pasista at kriminal. Dagdag pa niya, karamihan sa mga problemang kinakaharap ng mga paaralan ngayon ay nagsimula o lumala noong paghahari ni Marcos.

Samantala, ang Kilusang Mayo Uno at Kilusang Magbubukid ng Pilipinas ay nagtipon sa Plaza Miranda sa Quiapo bago sumanib sa iba pang sektor sa ilalim ng Bagong Alyansang Makabayan sa Liwasang Bonifacio. Ayon sa KMU, ang kanilang pagkilos ay pagkundena sa nagpapatuloy na malawakang kontraktwalisasyon, na pinasimulan noon ni Marcos.

Ayon naman sa NDFP, labag sa CARHRIHL ang pambayaning libing kay Marcos dahil nakasaad sa kasunduan na igagalang ang mga karapatan ng mga biktima ng Batas Militar laban sa pang-aapi at tiranya ng rehimeng Marcos. Ani Luis Jalandoni ng NDFP, "ang paghayag kay Marcos bilang bayani ay insulto para sa libong mga biktima at kanilang mga pamilya. Ipinamalas ni Duterte ang pagkamanhid niya sa damdamin at paninindigan ng libu-libong biktima."

Nagkaroon din ng Black Friday Protest sa mga mayor na syudad at bayan sa buong bansa, kabilang ang Tuguegarao, Santiago City, Vigan, Baguio, mga mayor na syudad at bayan sa Southern Tagalog at Bicol, sa Tacloban, Cebu, Bacolod at Iloilo, at gayundin sa Davao, Cagayan de Oro, General Santos, Surigao, Iligan at iba pang lugar sa Mindanao.

Kaugnay nito, dalawang upisyal ng National Historical Commission of the Philippines ang nagbitiw sa kanilang pwesto. Ayon sa tagapangulong si Maria Serena Diokno at kagawad na si Francis Gealogo, nagmatigas si Duterte sa paggawad kay Marcos ng pambayaning libing sa kabila ng mga katibayang isinumite ng NHCP tungkol sa mga pagsisinungaling ni Marcos sa kanyang rekord sa militar. AB



***Huwag parangalan ang tirano. Marcos hindi bayani.***

# Mga kabataang makabayan sa armadong kilusan



Sa isang larangang gerilya sa Samar, puu-puong kabataan ang masigasig na gumagampan ng kanilang mga tungkulin sa armadong kilusan.

Marami sa kanila ay mga myembro o dating myembro ng Kabataang Makabayan (KM) sa baryo at kalunsuran. Sila ang kabataang tumugon sa panawagan ng Partido na direktang lumahok sa armadong rebolusyon at ialay ang kanilang lakas, talino at panahon sa pagsisilbi sa bayan.

Hamon sa kanila ang magpaunlad sa kanilang mga bagong trabaho, magpakatatag sa harap ng mga kahirapan at limitasyon at mapangibabawan ang mga balakid sa kanilang tuluy-tuloy na pagkilos.

**Magkapatid, magkasama**

Kabilang sa kabataang ito ang magkapatid na Guia, 20, at Lina, 18, na parehong kasapi ng Bagong Hukbong Bayan. Pang-anim at pampito sila sa 12 magkakapatid. Mga myembro ng lokal na rebolusyonaryong organisasyon ang kanilang mga magulang.

Bago sumapi sa hukbo, pareho silang myembro ng grupo ng kabataan sa kanilang baryo. Unang naging myembro si Guia matapos imbitahan siya sa pag-aaral ng Lipunan at Rebolusyong Pilipino sa isang kampuhan ng mga Pulang mandirigma malapit sa kanilang baryo. Alaala niya, lampas 20 sila noon na delegado mula sa iba't ibang baryo. Pagbalik nila sa kanilang mga lugar, pinulong nila ang kanilang mga kababata para buuin ang balangay ng KM. Para magpalawak, nagdaos sila ng mga pag-aaral at inimbitahan ang iba pang kabataan. Naging estudyante nila ang mas batang kapatid na si Lina.

Mula 2014, naging aktibo ang magkapatid sa pagpapatupad ng mga plano ng kanilang balangay. Kabilang dito ang pagpapaunlad ng kanilang komunal na sakahan at pagtatayo ng proyektong tindahan na grupo-grupo nilang pinatakbo. Halos araw-araw ay nagkakaroon sila ng mga pagtitipon at talakayan. "Hindi miminsan na umaabot sa alas-12 ng gabi ang mga usap-usapan," kwento ni Guia, "laluna kung nasa baryo ang mga kasama." Natutulog sila sa mga kampuhan ng mga Pulang mandirigma, naghahatid ng suplay at impormasyon at nagtitipon ng suportang bigas mula sa baryo.

Noong 2015, idinaos nila ang isang malaking asembliya ng mga kabataan para talakayin ang iba't ibang isyung pambayan. Dito nagsimulang maengganyo sa gawaing kultura ang magkapatid.

"Para di mabagot ang mga delegado, kinailangan naming maghanda ng mga awit, sayaw at tula," ani Guia. Ngayon, anumang okasyon ay pwede na silang asahang makapagbigay ng pangkulturang pagtatanghal.

Sa katapusan ng 2015, nagpasya si Guia na magtrabaho muna sa Maynila para makatulong sa kanyang pamilya. Pero hindi siya nagtagal doon. "Napakaliit ng sweldo," aniya, "at iyak ako ng iyak sa pangungulila." Sa sobrang liit ng kita, kinailangan pa niyang humingi sa kanyang kapatid ng pamasahe pauwi. Ilang panahon lamang ay nagdesisyon na siyang magpultaym sa hukbo.

"Na-*testing* ko na ang lahat," ani Ka Guia. "Mag-Maynila, mag-aral at wala namang nangyaring maganda. Sana pala diretso na lang akong nagpultaym at mas marami pa ang pwede kong itulong mula rito." Sang-ayon dito ang kanyang ina, na malaki ang pasalamat sa kanya at mga kasama sa kanilang tulong para resolbahin ang sumulpot na problema sa kanilang pamilya nitong taon. "Sa hukbo, marami akong natutunan at nagagamit ko ang mga ito para makatulong maghanap ng solusyon sa mga problema."

Tulad kay Ka Guia, nahubog din si Ka Lina sa rebolusyonaryong pagkilos sa baryo bilang kasapi ng KM. Nang bumisita ang kapatid noong Oktubre, sumama na siya pagbalik sa yunit nito.

"Kung hindi ako nagpultaym, nagtuluy-tuloy ako ng pag-aaral. Kahit gumradweyt ako, wala naman akong mapapasukan kundi sa Maynila," ani Ka Lina. At dahil alam niya ang naging karanasan ng kapatid, naging mas madali ang kanyang desisyon.

**Mula DOTA tungong BaHuBa**

Kasama nina Guia at Lina sa parehong yunit si Zac, 20, isang *integree* mula sa Maynila. Ibig sabihin, nakaprograma siyang gumampan ng mga gawain sa BHB sa isang takdang panahon. Dahil may espesyalisadong kasanayan si Zac, ineenganyo siya ng mga kasama na magtuluy-tuloy ng pagkilos sa kanayunan.

Katulad ng maraming kabataan, nahilig si Zac sa *computer games* noong estudyante pa siya. Sa partikular, nahumaling siya sa DOTA, isang laro na nilalahukan ng maraming kabataan sa internet.

"Dati, minimum na anim na oras akong naglalaro," sabi ni Zac. Kinain nito ang halos lahat ng kanyang panahon at atensyon kaya dumating ang araw na siya na mismo ang kusang tumigil. "Nangayayat ako," aniya. "At sayang lang ang pera at panahon."

Lalo siyang lumayo sa pagiging "adik" sa paglalaro nang maging aktibista siya. Unti-unti siyang namulat sa kalagayan ng lipunan sa mga "pagsasalin ng kapangyarihan," ang pabirong termino ng mga katulad niyang aktibistang "gamer" sa mga talakayang-edukasyon. Ang tuluy-tuloy niyang pakikisalamuha sa mga organisasyong masa at paglahok sa kanilang mga aktibidad ang nagmulat sa kanya sa iba't ibang porma ng pagkilos hanggang narekrut siya sa lihim na kilusan. Hindi nagtagal, naengganyo siyang kumilos ng buong panahon sa yunit na kinabibilangan niya sa syudad. Noong ibinukas ang programa ng integrasyon sa isang larangang gerilya, hindi siya nag-atubiling magboluntir.

Mula nang maging rebolusyonaryo, ibinubuhos ni Zac ang parehong atensyon na iginugol niya noon sa paglalaro sa paggampan sa mga tungkuling ibinigay sa kanya. Paminsan-minsan ay naglalaro pa rin siya pero tinitiyak niyang hindi ito nakasasagabal sa kanyang trabaho. Ang positibong natutunan niya rito, aniya, ay ang pagkatuto sa iba't ibang programa sa computer. Nakatulong ito sa kanyang linya ng gawain.

Malaki ang nakikita ni Zac na kaibahan sa dati niyang hilig at buhay niya sa piling ng mga Pulang mandirigma. "Sa *games*, pwede mong bilhin ang buhay mo 'pag namatay ka," aniya. "Dito, pagalingan talaga."

Tulad sa mga laro sa estratehiya na kinawilihan niya, nakikita niya sa galaw ng BHB ang kahalagahan ng paglalatag ng tamang estratehiya, wastong pagbasa ng mga kalagayan at kinalalagyan, at mahigpit na pagkilos bilang isang grupo o kolektiba.

**Suporta at pagpapasampa**

Kakilala ng tatlong mandirigma si Ka Jake, ang *vice-chairman* ng KM ng kalapit na barangay. Naging myembro ng KM si Ka Jake matapos dumalo sa isang pag-aaral na ipinatawag ng mga Pulang mandirigma noong 2014. Matapos ang pag-aaral, ipinroyekto rin ng kanilang balangay ang kolektibong pagsasaka. Nakapaghawan na sila at nakapagtanim ng palay pero napilitan silang bitawan ito nang dumating at nanghalihaw ang mga sundalo sa kanilang lugar. Dalawa sa kanyang nakababatang kapatid ay myembro rin ng organisasyon.

Sa ngayon, abala si Ka Jake at ang kanyang grupo sa pagbibigay ng suporta sa lokal na yunit ng hukbo. Sa pang-araw-araw, bahagi ng kanilang trabaho ang pagmamanman sa galaw ng kaaway at pagpapaabot ng impormasyon sa mga kasama. Tumutulong din sila sa pagsasaayos ng mga dadaanan ng mga kasama.

Nitong Nobyembre 4, nagdaos ng pulong ang kanyang grupo para tasahin ang kanilang gawain, ipwesto ang kanilang mga plano sa susunod na anim na buwan at bigyan ng oryentasyon ang mga bagong myembro. Napagkaisahan nilang muling itayo ang kanilang kolektibong sakahan, idaos ang mga talakayan nang dalawang beses sa isang linggo at iprograma ang pagpapalawak ng kanilang balangay sa mga karatig-sityo na hindi pa gaano naabot ng mga Pulang mandirigma. Dahil may mga kasapi silang nag-aaral, marami sa kanilang aktibidad ay itinaon sa Sabado at Linggo.

Pinag-usapan din nila kung paano pa maging sistematiko ang kanilang paggampan ng mga tungkulin at pagbibigay ng serbisyo sa hukbo. Bilang panimulang hakbang, nagbuo sila ng mga tim at nagtakda ng mga angkop na gawain.

Sa hinaharap, kabilang sa kanilang adyenda ang pagpoprograma ng pagpapasampa ng kanilang mga kasapi sa BHB. Nitong huli, tatlo na mula sa kanilang grupo ang nagpultaym sa hukbo. AB

## KM, naglunsad ng raling-iglap

SA IKA-52 ANIBERSARYO ng pagkakatatag ng Kabataang Makabayan (KM) noong Nobyembre 30, naglunsad ng raling-iglap ang mga kasapi ng nito sa Blumentritt St. sa lunsod ng Maynila. Dala nila ang mga panawagang "Sumapi sa rebolusyon! Sumapi sa Bagong Hukbong Bayan!" Anila, buhay, masigla at laging handang tumangan ng armas at higit pang palakasin ang rebolusyon sa kanayunan ang mga myembro ng KM.

Bitbit din nila ang panawagang ibasura ang Oplan Bayanihan. Mariing kinundena ng KM ang pahayag ni GRP Pres. Duterte na hindi ipatitigil ang mga operasyong militar at pulis sa kanayunan.

"Ang pagtanggi ng pangulo na itigil ang Oplan Bayanihan, na sumira sa kabuhayan ng maraming pamilya at komunidad ng magsasaka sa kanayunan, ay patunay na ang sinasabi nitong "tunay na pagbabago" ay islogan lamang para sa kanyang kampanyang elektoral," ayon sa KM.

Tinuligsa rin nila ang pagpapalibing kay Marcos sa Libingan ng mga Bayani. Marami sa mga martir at biktima sa panahon ng Batas Militar ay mga kasapi ng KM.

Hinimok ng KM ang mga kabataan na pag-aralan hindi lamang ang kasaysayan at balikan ang mga krimen ng diktadurang Marcos sa panahon ng Batas militar kundi malalim na suriin ang panlipunang problema na patuloy pa ring kinakaharap ng bansa.

# Araw ni Bonifacio, ginunita

NOBYEMBRE 30, nagmartsa ang libong manggagawa at iba pang sektor sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno (KMU) para gunitain ang Araw ni Bonifacio. Pinatampok nila sa araw na ito ang pagkundena sa pagpapalibing sa huwad na bayani at diktador na si Ferdinand Marcos sa Libingan ng mga Bayani. Kasabay nito, iginiit nila ang pagbasura sa kontraktwalisasyon at iba pang neoliberal na patakaran sa bansa na sinimulan mula pa sa panahon ng diktadura. Nagtipon ang mga raliyista sa harap ng Welcome Rotonda, Quezon City at nagmartsa tungong Mendiola, Maynila.

Tinuligsa rin ng mga manggagawa ang kawalang-aksyon ng rehimeng Duterte sa mga problema ng mamamayan. "Wala pa ring pagtaas sa sahod ng mga manggagawa. Wala ring malaking pagbabago upang wakasan ang kontraktwalisasyon, kahit man lamang sa sistemang ENDO. Wala ring malinaw na plano upang ipatupad ang sinasabi niyang nagsasariling patakarang panlabas, ani Elmer Labog, tagapangulo ng KMU.

Ayon sa grupo, walang pinag-iba ang mga ipinasang programa ni Duterte sa naunang mga rehimen. Sa maraming taon, paulit-ulit nang iginigiit ng mga manggagawa ang masasamang epekto ng liberalisasyon, deregulasyon at pribatisasyon. Sinabayan pa ang mga ito ng pataas ng presyo ng pangunahing mga bilihin nang wala namang pagtaas sa sahod at pag-unlad sa kabuhayan dulot ng *wage regionalization* at kontraktwalisasyon.

"Sa halip na ilibing ni Duterte si Marcos sa Libingan ng mga Bayani, dapat ang mga patakarang neoliberal na pamana ng rehimeng Marcos ang kanyang ilibing," ani Labog.

Dagdag pa ng KMU, maaaring patay na si Marcos ngunit ang pamana nitong kontraktwalisasyon, murang paggawa, pagbabawal magunyon at magwelga, pamamaslang, pagdukot, iligal na pang-aaresto, tortyur, militarisasyon ay buhay na buhay at patuloy na nagpapahirap sa manggagawa at mamamayang Pilipino.

Hinamon din ng mga raliyista si Duterte na tularan si Bonifacio at itaguyod ang demokratikong mga karapatan ng mamamayan at ipatupad ang nagsasariling patakarang panlabas. AB

# Lakbayan-Visayas, inilunsad

BITBIT ANG PANAWAGANG rehabilitasyon para sa mga biktima ng Bagyong Yolanda, nagtungo ang daan-daang Samarnon at Leytehanon sa Maynila para ilunsad ang isang serye ng mga protesta. Tinawag na "Tindog Visayas-Lakbayan laban sa Kagutuman at Militarisasyon," pinangunahan ito ng People Surge, ang organisasyon ng mga nakaligtas sa bagyong Yolanda. Anila, nagpapatuloy ang pagwawalang-bahala ng gubyerno sa mga biktima hanggang sa ngayon. Libu-libo pa rin ang nananatili sa mga pansamantalang tirahan at hindi nakatatanggap ng tulong pinansyal para sa rehabilitasyon.

Lumahok sa Lakbayan ang Samahan han Gudti nga Parag-uma ha Sinirangan Bisayas. Anila, lumala pa ang sitwasyon ng mga magbubukid dahil matapos ang Yolanda, sinalanta sila ng apat pang magkakasunod na bagyo. Tatlong beses ding tinamaan ng peste ang kanilang pananim na niyog, abaca at palay. Dahil dito, bagsak ang produksyon nila nang 85-90%.

Kinundena rin ng mga naglakbayan ang militarisasyon sa mga komunidad sa ilalim ng Oplan Bayanihan.

Sinalubong naman ng mga progresibong organisasyon mula sa Maynila ang mga delegado ng Lakbayan at nagmartsa tungong Mendiola. Ang *caravan* ay mananatili sa Polytechnic University of the Philippines sa Sta. Mesa, Maynila hanggang Disyembre 10, Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao. Inaasahang madaragdagan pa ang delegado mula sa Visayas sa susunod na linggo. AB

# US *exercises*, tuloy

NOONG NOBYEMBRE 22, idinaos ang pagpupulong ng Mutual Defense Board and Security Engagement Board (MDB-SEB) sa Camp Aguinaldo sa Quezon City para itakda ang mga aktibidad ng US sa Pilipinas sa susunod na taon. Ibinunyag ni Adm. Harry Harris, pinuno ng US Pacific Command, na sa kabila ng matatapang na pahayag ni Duterte sa nakaraang mga buwan, sa aktwal ay wala siyang pormal na iniharap na pagbabago sa relasyon ng AFP at US. Sa halip, iminungkahi lamang ni Duterte ang "pagbabawas" sa mga pinagsanib na pagsasanay-militar mula 13 tungong anim o pito sa susunod na taon. Bilang konsesyon sa China, dalawang malalaking ehersisyong nabal sa South China Sea—ang PHIBLEX at CARAT—ang diumano'y ikakansela.

Anu't anupaman, ang mga ehersisyong militar ay isang aspeto lamang sa kontrol ng US sa AFP. Hindi pinakikialaman ni Duterte ang mas mahihigpit at malalalim na aspeto ng "ugnayang-militar ng US at Pilipinas" na kalakha'y lingid sa publiko at klasipikado.

Inilinaw ng AFP na binasbasan ni Duterte ang planong ito sa isang pulong ng gabinete noong unang linggo ng Nobyembre. Bago pa man nito, pinatunayan na ni Duterte na wala siyang isang salita nang ipinarating niya sa US sa pamamagitan ni Perfecto Yasay, kalihim ng Department of Foreign Affairs, ang kanyang patuloy na pagkilala sa lahat ng mga kasunduang militar.

Ipinaubaya niya kay Delfin Lorenzana, kalihim ng Department of National Defense, ang pagtatakda ng ugnayan sa pagitan ng AFP at US. Si Lorenzana ay lampas isang dekadang bumase sa US bilang *military attache* (direktang tagapamagitan ng AFP at imperyalistang gubyerno). AB

# Ang sosyalistang programa sa ekonomya ng Rebolusyong Oktubre ng 1917

Sentralisadong pagpapaunlad ng ekonomya, pambansang industriyalisasyon, nasyunalisasyon ng lupa ng mga panginoong maylupa at pagsulong ng industriya ang programa sa ekonomya na itinaguyod ng Rebolusyong Oktubre 1917.

Ang programang ito ang nagbigay ng tulak sa sumunod na mga yugto ng sosyalistang konstruksyon. Kalagitnaan ng 1937, dalawang dekada lamang matapos ang rebolusyon, isa nang modernong sosyalistang bayan ang Soviet Union. Inabot nito ang mahigit 700% ng antas ng produksyon bago ng digmaang pandaigdig. Mula sa karalitaang dulot ng awtokrasya ni Tsar Nicolas at panggigipit ng iba't ibang mas malakas na imperyalistang bayan, naibangon ang Rusya upang maging isa sa pinakamakapangyarihang bayan sa buong daigdig. Sa panahon ng kanilang henerasyon at sa kagyat na sumunod na henerasyon ay tinamasa agad ng mamamayang nagrebolusyon ang mas matiwasay at masaganang buhay.

Nakamit nito ang 428% ng antas ng produksyon noong 1929, kung kailan nagsimula ang pandaigdigang krisis ng kapitalistang sistema. Samantala, ang mga imperyalistang bayan sa kabuuan ay umabot lamang sa 95-96% ng antas ng 1929, at nasa bingit ng panibagong krisis na sa kalaunan ay puputok sa ikalawang digmaang pandaigdig.

Napaunlad ng Soviet Union ang mga modernong teknika sa industriya, agrikultura at syensya. Napaunlad ang paggamit ng likas na yaman sa metal, karbon, langis, *peat*, troso, enerhiyang-tubig at hilaw na materyal para sa industriya ng kemikal.

Pagputok ng Ikalawang Digmang Pandaigdig, may sapat na lakas ang sosyalistang ekonomya ng Soviet Union para maipagtanggol nito ang mga tagumpay ng rebolusyon laban sa pasismong Germany at gumampan ng mayor na papel sa pagdaig sa kapangyarihang Axis (Japan-Germany-Italy).

Nagdaan sa mga transisyong hakbang ang pagsusulong ng sosyalistang ekonomya. Matapos iproklama ang tagumpay ng Rebolusyong Oktubre bandang alas-11 ng gabi noong Oktubre 25 (Nobyembre 7 sa kalendaryong Gregorian), 1917, pinagtibay agad ng Ikalawang Kongreso ng mga Sobyet ang Dikreto sa Lupa, na nagwakas sa monopolyo ng mga panginoong maylupa o pagkumpiska ng kanilang lupa nang walang kompensasyon, at pagpasa ng pag-aari nito sa kamay ng estado. Lahat ng lupa ng pamilya ng tsar at ng mga monasteryo ay libreng ipinagamit sa mga nagbubungkal ng lupa.

Isinabansa ang kalakalang panlabas, lahat ng bangko, malalaking empresa sa lahat ng sangay ng industriya, mga yamang mineral, kagubatan at tubig. Ipinawalambisa ang lahat ng utang na pinasok ng tsar at ng Probisyunal na Gubyerno.

Ipinatupad ang masusing pagkwenta ng gubyerno sa lakas paggawa, takbo ng produksyon, konsumo at distribusyon, at ikot ng pinansya sa pambansang saklaw upang maikumpas ito sa isang sentralisadong pagpapatakbo. Naglunsad ang Partido ng masigasig na kampanya laban sa katamaran at kawalan ng disiplina sa paggawa. Ipinatupad ang pagtutumbas ng tamang sahod sa laki ng nalikhang produkto o nagawang trabaho, pagtanggal ng mga gawaing sobra o saliwa sa madulas na takbo ng produksyon, at pagpapaunlad ng mga wastong paraan ng paggawa.

Nandigma ang burgesya noong maagang bahagi ng 1918 upang muling mabawi ang kapangyarihan sa tulong ng imperyalismong British, French, Japanese at German. Sa pagharap sa gera sibil na ito, ipinatupad ng estado ang War Communism upang magamit ang mga rekurso ng bayan sa pagtatanggol ng katatayong gubyerno. Kinontrol pati ang mga panggitna at maliliit na industriya. Ipinatupad ang sistemang *surplus-appropriation* kung saan lahat ng butil na lampas sa pangangailangan ng magsasaka ay ibebenta sa gubyerno para sa pagkain sa kalunsuran at sa mga sundalong lumalaban sa gera. Ipinatupad rin ang sapilitang serbisyong paggawa sa lahat ng uri, sa prinsipyong "ang hindi magtrabaho ay hindi kakain."

Matapos ang gera sibil noong 1921, ipinatupad ang New Economic

**PAG-UNLAD SA PANAHON BAGO MAGDIGMAAN HANGGANG SA SOSYALISMO (1913-1937)**

| | |
|---|---|
| LUPANG SINASAKA | 128.6% |
| INANING BUTIL | 141.6% |
| **NAKAPAG-ARAL** | |
| ELEMENTARYA AT HAYSKUL | 350% |
| UNIBERSIDAD | 483.9% |
| INSURANCE AT IBA PANG BENEPISYO NG MANGGAGAWA AT EMPLEYADO MULA SA ESTADO | MULA 0 TUNGONG 1.9 BILYON RUBLES |

Policy (NEP o Bagong Patakarang Pang-ekonomya) upang maibangon ang ekonomyang winasak ng gera. Pinalitan ng sistemang buwis ang sistemang *surplus-appropriation.* Pinasigla ang agrikultura, pinalawak ang produksyon ng butil at mga industriyal na pananim, pinasigla ang sirkulasyon ng mga kalakal, pinaunlad ang suplay sa mga bayan, at lumikha ng bagong pundasyon ng alyansa ng mga manggagawa at magsasaka.

Nang maabot na ang isang antas ng pagpapasigla noong 1928, inilunsad ang unang limang-taong plano para sa sosyalistang konstruksyon, kung saan naglaan ang estado ng 64.6 bilyong rubles ($12.3B) puhunan para sa pambansang pagpapaunlad ng industriya, elektrisidad, transportasyon at agrikultura. Layunin ng planong ito ang pagtatayo ng industriyang makapaglilikha ng kinakailangang ekwipment at magrereorganisa hindi lang ng buong industriya kundi maging transportasyon at agrikultura sa batayang sosyalista. Naabot ang mga target ng limang-taong plano sa loob ng apat na taon at tatlong buwan, at naging pangunahing salik na ng ekonomya ang sektor ng estado.

Sunod namang inilunsad ang ikalawang limang-taong plano noong 1932. Nilayon nitong abutin ang walong beses na pag-unlad ng ekonomya kumpara sa antas nito noong bago ang digmaang pandaigdig. Naglaan ng malaking pondo ang estado para sa mekanisasyon at modernisasyon ng agrikultura, teknikal na rekonstruksyon ng transportasyon at komunikasyon, at higit na pagpapaunlad sa antas ng pamumuhay ng mga manggagawa at magsasaka. Sa determinasyon ng masang anakpawis at sentralisadong pamumuno ng estado, nakamit ang mga target nito nang mas maaga kaysa sa plano. AB

*Ikatlo sa serye ng mga artikulo kaugnay sa pagdiriwang sa ika-100 taong anibersaryo ng Rebolusyong Oktubre sa darating na taon.*

# Pulang saludo kay Kasamang Fidel Castro

Pinakamataas na pagpupugay ang ibinigay ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at ng buong rebolusyonaryong kilusang Pilipino kay Kumandante Fidel Castro, pinakamamahal na lider ng rebolusyong Cubano noong Nobyembre 27. Pumanaw si Kasamang Fidel noong Nobyembre 25 sa edad na 90. Nakiramay ang PKP sa Partido Komunista ng Cuba, sa Republika ng Cuba at sa mamamayang Cubano sa kanilang kawalan.

Habampanahong mananatiling simbolo ng anti-imperyalistang paglaban si Fidel Castro. Noong 1950, pinamunuan niya ang armadong rebolusyonaryong paglaban para sa pambansang paglaya at panlipunang katarungan sa Cuba. Ang Cuba ay isang maliit na bayan na isang makitid na pilas ng dagat lamang ang pagitan sa US. Nagtagumpay sila sa pagwawakas sa dominasyon ng imperyalismong US at papet nitong rehimen ni Fulgencio Batista noong Enero 1, 1959 at itinatag ang isa sa pinakamatatag na anti-imperyalista at demokratikong gubyerno sa buong mundo.

Kinumpiska noon ng gubyernong bayan ng Cuba ang lahat ng mga dayuhang negosyo, malalaking asyenda at plantasyon. Ipinatupad nito ang malawakang reporma sa lupa at kolektibisasyon. Nagtayo ito ng mga kolektibo at pang-estadong sakahan. Itinaguyod nito ang pag-asa sa sarili sa ekonomya habang aktibong nakikipagkalakalan sa ibang bansa.

Inilaan ang rekurso ng gubyernong Cubano pangunahin para itaas ang kalidad ng kabuhayan ng mamamayan. Resulta nito, isa ang Cuba sa may pinakamataas na kalidad ng buhay sa buong mundo. Libre ang edukasyon at mga serbisyong medikal. Isa sa pinakamababa sa buong mundo ang *infant mortality* sa bansa. Walang malnutrisyon. Lahat ay may pabahay. Pinakaabante ang kanilang sistema ng paghahanda at pagharap sa mga sakuna.

Mula dekada 1990, pinagsikapan nilang paunlarin ang ekonomya sa mas kumprehensibong paraan. Para igpawan ang pagsandig sa mga import mula sa dating USSR sa mga dekada 1960-80, pinaunlad nila ang kanilang sariling teknolohiya para sa produksyong industriyal at agrikultural.

Sa loob ng limang dekada, walang patid ang pagtatangka ng imperyalismong US na pabagsakin si Fidel Castro at ang rebolusyonaryong gubyerno ng Cuba. Ayon sa mga dokumento mismo ng US, umaabot sa 600 pagtatangka ang isinagawa ng US para patayin siya. Dalawang beses itong nagsagawa ng tahasang paglusob o agresyong militar noong dekada 1960. Nagpadala ito ng di-mabilang na mga espiya at napakaraming beses na nagtangka ng subersyon. Muli lamang itong pormal na nakipag-ugnayan sa estadong Cuba nitong 2014 sa pag-asang makatutulong ang pagbubukas nito sa pagpapalaganap ng impluwensyang pulitikal at kultural sa bansa.

Dala-dala ang panawagan ni Ka Fidel na "Sosyalismo o Kamatayan!" nagkaisa ang milyun-milyong mamamayan at lumaban sa lahat ng porma ng interbensyon at agresyong US at ipinatupad ang transpormasyon ng Cuba.

Para sa mamamayan ng Cuba, mananatiling tala si Kasamang Fidel Castro sa kanilang pagsusulong ng kanilang rebolusyon. Habambuhay siyang magsisilbing inspirasyon sa mamamayan sa buong mundo sa kanilang mga pakikibaka laban sa imperyalismo at para sa katarungang panlipunan at demokrasya. AB